

**ANG DAKILANG PAGPAPAKAMARTIR
SA KYOTO _INSPIRASYON NG MAKABAGONG
EBANGHELISASYON**

Tungo sa Pagsasabuhay ng Banal na Misa sa

Pang _araw araw na Buhay. Ni Obispo Paul Yoshinao
Otsuka_Obispo ng Kyoto

1. Ang Daan ng Diyosesis ng Kyoto “ Pagsasabuhay ng Banal na Misa sa Pang _araw_araw na Buhay”

Manigong Bagong Taon !

Sa Taong ito tulad ng adhikain ng Obispo na “TAYONG LAHAT BILANG ISANG KATAWAN” ay muling inaanyayahang makibahagi sa pagtataguyod ng Sama_samang paggawa

Para sa Misyong bilang mga Kristiyano sa Diyosesis ng Kyoto, Sa loob ng 3 taon mula ng 2004 ang temang “Pagsasabuhay ng Misa sa Pang-araw-araw na Buhay “Ang Diyosesis ay kumikilos tungo sa sa pagbubuo ng nagkakaisang Komunidad para sa Ebanghelisasyon .Noong nakaraang taon ang katagang Bagong Ebanghelisasyon na ating pinagbahaginan ay nangangahulugan ng panibagong kasiglahan ,pananaw ,pamamaraan at pagsasabuhay / paggawa.

Kamakailan lamang ang desisyong ginawa upang pangaralan ang Paring si Peter Kibe at 187 niyang mga kasamahan ,na matagal nang hinihintay at inaasam -asam ng Simbahang Hapon ay naganap sa Nagasaki noong magsisimula ang taglamig .Kabilang sa mga 188 na Martir ay ang 52 biktima ng Dakilang Pagpapaka_Martir sa Kyoto.Sa taong ito nais kung matularan natin ang kanilang buhay pananampalataya at maging daan ito ng ibayong pagsasabuhay ng Misa sa Pang-araw -araw na Buhay sa pagsasakatuparan ng Makabagong Ebanghelisasyon sa Diyosesis ng Kyoto.

2. Paninimbang sa Pagpapatupad ng Alituntunin ng Konsehong Pamparokya sa Kasalukuyang Taon

Noong nakaraang taon ang katapusan ng 3 taong inilaan para sa pagsasagawa ng alituntunin para sa konsehong Pamparokya ,kung saan nagabayan ang pamamahala at mga gawain ng Parokya tungo sa katuparan ng makabagong Ebanghelisasyon sa pamamagitan ng Sama-samang paggawa para sa Misyong.

3. Ang 187 pa niyang mga kasama ,Sa wakas ,naganap sa taong ito ang Seremonyang ito sa Nagasaki .

Ito ang pinakamalaking biyayang nakamit ng

Simbahang Hapon bilang pinakamahalagang gantimpala at pagkakataon sa pag-eebanghelyo .Dahil dito ,ang 52 biktima ng Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto ay kabilang na sa mga Martir na pararangalan .Kung kayat tayo sa Diyosesis ng Kyoto ay inaanyayahan sa taong ito na maglaan ng panahon upang silay alalahanin at parangalan.

4. Mga Natatanging Katangian ng Paring Peter Kibe at ng 187 pang mga Martir .

Kabilang sa mga katangian ng grupong ito bilang mga Martir ,una sa lahat ay matatagpuan sila sa ibat ibang lugar ng bansa ,sa Tohoku ,Kanto ,Kansai ,Chugoku at Kyushu.Pangalawa ang grupo ay kinabibilangan ng lahat ng uri ng tao, layko ,relihiyoso ,mga pari ,magsasaka, mandirigma , at karaniwang tao.Pangatlo ,ang mga martir ay mula sa mga bata, at matatanda, mga babae at lalaki kasama na pati ang mga may kapansanan at wala, Ito ay isina-alang -alang ng Simabahang Romano upang itaas ang antas ng mga Santo,”Una sa lahat kinakailangan Makita sa kanila ang edad ng mga mananampalataya at bigyang pansin ang mga layko .Higit sa lahat siya ay lumaki sa pag -aaruga ng kanyang pamilya ,nakapagaral at naging makabuluhan ang buhay pananampalataya.Ito ang maipagmamalaki ng Simbahang Hapon ,ang pagkakaroon ng mga Martir na walang makakapantay sa alinmang dako ng Mundo.

5. Ang Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto,

Ang matatawag sa Dakilang Pagpapakamartir noong unang panahon ng mga Kristiyanong Hapon ay ang naganap sa Kyoto noong Oktubre 6.1619 ,sa Nagasaki noong Setyembre 10,1622 at sa Edo noong Disyembre 4,1623 ,kung saan ,silang lahat ay sinunog . Sa Kyoto 52 grupo ng mga Kristiyano ang pinatay sa utos ni Shogun Hidetada ,sa gawing silangan ng Ilog kamo sa pagitan ng Rokujo ay Shichijo (malapit sa harapan ng tinatawag ngayong Great Buddha) Ang grupong ito ay naging tanyag sa kanilang pagbubuwis ng buhay dahil kabilang dito ang 12 mga bata ,mga sanggol, at isang kabataang Ina.Ang walang humpay na pag-aalay ng panalangin para sa kanila ng mga Kristiyano sa Kyoto mula nagsimula ito ng Obispo Tanaka upang silay parangalan bilang mga anak ng Diyos noong 1987 ngayon ay napakinggan na .Kung kayat tayong mga humaharap sa Makabagong Ebanghelisasyon ,naway palagi nating alalahanin kung paano namuhay at namatay ang mga martir na ito upang magsilbi itong hamon sa ating lahat na isabuhay ang ating mga pamilya .Kapag ang pinag uusapan ay tungkol sa mga Santo lagi nating naiisip ang mga pari at relihiyoso ,subalit ang mga martir ng Kyoto ay isang malaking inspirasyon para sa pananampalataya ng Kristiyanong layko..

6. Si John Hashimoto Tahyoe ,ang kanyang asawang si Thecla at ang kanilang Limang Anak

Una sa lahat nais kong ipakilala si John Hashimoto Tahyoe at ang kanyang asawang si Thecla ,ang simula ng kanilang pagiging Kristiyano at kung paano nila inialay sa Diyos ang kanilang sarili kasama nang kanilang mga anak bilang haring pang -Espiritwal .Si John ay anak ng unang Kristiyano ng Kyoto na mula pa sa una ang Pamilya Pananampalataya. Si Thecla naman ay tubong Kyoto at Kristiyano na mula sa pagkabata ay katuwang ng kanyang asawa sa pananampalataya.Ang kanilang kamatayan bilang mga Martir kasama ng kanilang mga anak ay naging simbolo ng kabanalan sa Simbahang Hapon.

Ang ating Bokasyon ay hindi isang pagtanggap ng pananampalataya ,kundi bigyang buhay ang ating pananampalataya ,sa pamamagitan ng

“Pagsasabuhay ng Banal na Misa sa Pang-araw-araw na Buhay.” Kaya tayo bilang mga Kristiyano ay binigyan ng tungkuling ipamana sa ating kapwa ng kasalukuyang panahon na nilalamon nang modernong pamumuhay ang suporta na nagmumula sa pagmamahal ng Diyos at magsilbing liwanag na Nagbibigay ng katatagan at kalakasan ng loob na harapin ang buhay, at dahil di tayo hiwalay sa ganitong uri ng buhay ,kinakailangan natin ng ibayong katatagan at pag-sasakripisyo upang tayo ay maging tunay na saksi ng Ebanghelisasyon.(Mula sa liham Pastoral 2004 ,Pagsasabuhay ng Misa sa Pang-araw-araw na Buhay) Aking isinaalang -alang na ang puso ng Martir ay laging nakatuon sa pagpapakumbaba ng tao na harapin kung paano manatiling tapat kay Kristo,” (mula sa talaan ng Obispo Tanaka Kenichi para sa mga dakilang Pagpapakamartir ng Kyoto.oktubre 6.1619 .Yuki Ryogo ,1987)

7. Pagpapakamartir Sa ating Kasalukuyang Panahon

Ang ating “pagpapakamartir ay nangangahulugan ng pagsasabuhay o pagsaksi sa naging buhay ng mga martir , Ang kanilang isinabuhay na hindi nagmula sa katatagan ng kanilang pananampalataya , kundi ang pagsasabuhay ng kanilang nasaksihang ‘ Kahanga-hangang Pagmamahal ng Diyos “ na kanilang naranasan sa mga sandaling nasa paganib ang kanilang buhay ,Sa kasalukuyang panahon dito sa bansang Hapon , anumang relihiyon ang sundin ng mga tao sila ay wala ng pangamba ,dahil kahit tayo ay may pananampalataya ,may kahirapan na itong isabuhay ng buong puso.Ang kasiglahan ng pananampalataya ng Paring si Peter Kibe at ng 187 niyang kasamahang mga Martir ay humihina na sa pagdaan ng mga taon ,Ang malamig na pananampalataya ng mga Kristiyano sa ating panahon ngayon ay nababalewala na huwag sana nating hayaan na ang pagpapakamartir noong unang panahon ng Simbahang Hapon ay naging pangarap na lamang ng

nagdaang panahon.

Tingnan natin ang ating sarili ,pagkatapos nating mabinyagan ? Kadalasan napakagaling nating pag-isipan ang ating pansariling kaligtasan, pero paano natin iniisip ang kaligtasan ng mga taong nakapaligid sa atin ?

Hindi ba natin nakikitang maari ding mawalan tayo ng pananampalataya? O naisin na lang nating maging saksi sa ating pananampalataya? Bilang mga binyagan ,hindi lamang tayo pinagkalooban ng pagmamahal ng Diyos ,kundi tungkulin nating bilang mga Kristiyano ang Misyong ipakita at ipadama ang Pagmamahal ng Diyos ,subalit ang pagsasagawa nito ay nagmumula sa kautusan ni Kristo at pananampalatayang ,mahalin mo ang Diyos at ang iyong kapwa,

8. Ang Paring Si Peter Kibe at ang kanyang Bokasyon sa Pagpapari

Sa tansong istatwa ng Paring si Peter Kibe sa Memorial Park ng Kunisaki Peninsula sa lalawigan ng Oita ,sinisimbolo ng Pagtaas ng kanyang noo ang malawak na pagtingin sa buhay na dapat tularan ng mga nakakita sa kanya.Nagtungo siya sa Roma ,doon naordenahan sa pagkapari at nagbalik sa Bansang Hapon noong panahon ng Paghihimagsikan .Ang pagtingin ng Paring si Kibe na ang katapangang ang espiritu ang nag-udyok sa kanya upang mag-ebanghelyo ang nagdulot sa kanya ng masalimoot na buhay na nagwakas sa paghihirap at pagpapakamartir niya,Bagamat sinasabi nating tayo ay nasa kapanahunan na ng mga layko, kinakailangan pa rin ng Simbahang Katoliko ng mga paring handang ialay ng habambuhay ang kanilang mga sarili para sa pagdiriwang ng Banal na Misa at magkaloob ng mga Sakramento, Mayroong 4 na pari sa kabuuang 188 na mga Martir ang pararangalan sa taong ito ,nakamit nila ang dakilang pagpapakamartir matapos maranasan ang maraming paghihirap sa kanilang buhay. Sila ang mga dakilang halimbawa para sa mga kaparian ngayon na pagsumikapang isabuhay nang may pang-unawa at pag-asa sa kanilang mga gawain at misyon bilang mga pari at taong simbahan sa Diyosesis ng Kyoto na magpapaganap ng Sama-samang Paggawa para sa Misyong, manalangin din tayo ng may katapatan sa ating Amang Diyos at magsakripisyo upang sa gayon ay magkaroon ng mga taong handang mag-alay ng kanilang sarili para sa Simbahan ,bilang mga Pari..

9. Ang Propesiyong ginagampanan ng mga Martir

Ang Simbahang Hapon ngayon ay nagsusumiksp sa espiritu ng Vatican II na ipalaganap ang Ebanghelyo ng Panginoon sa Lipunang Hapon. Maraming mga Misyonero / Misyonera mula pa noong unang panahon ng Simbahang Hapon . Sa alin mang dako at kapanahunan ,hanggat may mga elementong sumasalungat sa Ebanghelyo ,ang gawaing magpalaganap ng Salita ng Diyos bilang isang katotohanan ay hindi magwawakas, Ang apilang hayaan na

lamang nating manatiling ganito ang mga bagay -bagay noong nakaraang pagtitipon ng mga Katolikong magpapalaganap ng kapayapaan at katarungan sa Kyoto ang nagudyok upang maramdaman ang nanganganib na usapin tungkol sa kapayapaan ang magiging sanhi ng mga suliranin sa buong mundo. pati ang Bansang Hapon sa kasalukuyan ,at nangangahulugan ng responsibilidad ng mga Kristiyano bilang mga propeta na magtanong “Ganito na lamang ba tayo at walang gagawin ? Ang Misang ginanap kasama ang mga kabataan bilang pagtatapos sa ginanap na pagtitipon ay nakita na kung ang mga matatanda ay nagsasabuhay ng kaya nilang pananampalataya ng makatotohanan sa kasalukuyang lipunan at para sa mga kabataang magmamana sa hinaharap ,kailangang ideklara nila ang kanilang desisyong magampanan ang misyon sa pagpo-propesiya sa presinsiya ng mga kabataan na kanilang isabuhay ng mga Kristiyano ang kanilang pangako sa harapan ng Diyos. Upang makamit ang adhikaing “Pagsasabuhay ng Misa sa Pang-araw-araw na Buhay “ ,Kialangang makilala tayo sa ating pagsasabuhay bilang mga Kristiyanong may determinasyong ,manindigan at ipaglaban ang dignidad ng ating kapwa -taong niyuyurakan ang pagkatao. (Mula sa aking Liham Pastoral noong Bagong Taong 2004)

Ang kamatayan ng Paring Peter Kibe at 187 niyang mga kasamang Martir ,ang nagbibigay sa ating mga magtutuon sa Makabagong Ebanghelisasyon ng katatagang makibahagi sa determinasyon at paghihirap na naranasan mismo ng ating Panginoon Hesukristo.

10. Pangunahan natin ang Kilusan para sa Pagpaparangal Kay Takayama Ukon

Sa pagpapaunlak para sa Taon ng mga Layko, kailangan nating pagtuunan ng respeto ang mga Layko sa Simbahan ,na gumawa ng mga espesyal na gawain , lalo na ang mga taong mula pa sa simula ng Simbahang Hapon ay tumulong sa mga Paring dayuhan at nagkaroon ng malaking imluwensiya sa Lipunang Hapon,Isa sa mga taong ito si Justo Takayama Ukon,Taon -taon ang Diyosesis ng Kyoto nagkakaroon ng parangal sa kanya ,sa pakikiisa ng mga taong bayan ,at mamayan ng Haibara sa lalawigan ng Nara kung saan naging bahagi ng kanyang kabataan ang Araw para sa mga Kabataan ,tuwing Mayo 5. ay ginaganap kaugnay sa pagpaparangal kay Takayama Ukon ,makiisa tayo sa mga Diyosesis ng Nagoya at Osaka sa pagtataguyod ng Kilusan para sa kanya Beatipikasyon.

11. Manalangin tayo kay Maria ,Reyna ng Kapayapaan

Minsan pa sa taong ito i-alay natin sa ating Diyos Ama ,sa pamamagitan ng

Ating Banal na Inang Maria ,ang gawaing Misyon ng Diyosesis ng Kyoto .Patuloy din nating ipanalangin ang Kapayapaan sa buong Mundo ,sa tulong ni Inang Maria ,ang Reyna ng Kapayapaan,Mayroon tayong tungkulin bilang

mga Kristiyano na mag-isip ,magdasal at kumilos para sa Kapayapaan bilang panibagong Pagsasabuhay ng Makabaong Ebanghelisasyon .Ibahagi natin ang ganitong tungkulin sa mga taong may magandang kalooban na may pagmamahal para sa Kapayapaan ,maging anuman ang kanilang relihiyon at kultura , para sa makatotohanan at walang hanggang kapayapaang ipinagkaloob ng Diyos ,pag-aralan natin ang katotohanan at manalangin nang sa gayon tayo ay maging mangangaral na nagpapalaganap ng Katotohanan.

Enero 1,2007 Kapistahan ni Maria Ina ng Diyos